



Mga pagbabago sa pagsumite ng inyong Bid Offer sa Sealed Public Auction Tranche 209 sa ilalim ng ECQ/ MECQ at GCQ:

1. Sagutan ang **Registration form** at ang **Offer to Bid forms** (malinaw ang pagkakasulat upang maayos na *ma-encode* ang inyong registration sa aming system). Ang mga nasabing *forms* ay inyong makikita sa aming website sa www.pagibigfund.gov.ph (click Properties for sale - Public Auction No discount – NCR Branch **Tranche 209** at i-click ang **“click here to open complete details”**). I-print ang mga nasabing *forms* sapagkat walang *forms* ang ipamimigay sa mga *Pag-IBIG Offices*. Basahin sa nasabing website ang mga panuntunan sa pagbili ng mga *acquired assets* o ano mang *announcement, erratum for correction or exclusion* kung meron man.
2. Ilagay sa unang puting sobre na may *label* na **REGISTRATION** ang nasagutan na **Registration Form**.
3. Ilagay sa isa pang hiwalay na selyadong puting sobre na may *label* na **BID OFFER** ang mga sumusunod:
 - 2 *Offer to bid forms (Individual OTB* para sa mga *individual na bidder* o *Juridical OTB* para sa company bidder)
 - Kopya ng *valid ID/s* ng bidder
 - Kopya ng napirmahan na *Instruction to bidder*
 - *Proof of income* ng bidder (para sa *Long Term Installment application*)
 - Kopya ng *Special Power of Attorney* at *valid IDs* ng kanyang representative (kung kailangan) - HQP-AAF-119 (V01)
 - *Secretary’s Certificate* para sa mga *company bidder* - HQP-AAF-120 (V01).
4. Ang mga *bidder* ay maaring mag sumite ng kanyang **bid offer ng 1 beses lamang sa bawat isang property**. Ano man ang **kakulangan, mga pagbura o pagkaka iba-iba ng mga impormasyon sa inyong Offer to bid forms at sa mga nabanggit na dokumento ay maaring magdulot ng pagka diskwalipika ng inyong bid offer/s**. Kaya’t siguraduhing ito ay maayos at kumpleto na nakapaloob sa isang selyadong puting sobre o *mail envelope*.
5. **Huwag mag lagay ng pera sa loob ng sobre.**
6. Ipadala ang inyong **Registration form at Bid Offer** na naka paloob sa magkahiwalay na selyadong puting sobre sa pamamagitan ng **Courier services** tulad ng Grab Express, Lalamove, Mr. Speedy, Toktok, etc. sa mga sumusunod na **Pag-IBIG Fund Offices**:

Branch	Address	Numero na maaring gamitin para sa Courier Service	Araw at Oras ng Submission of Bid Offer/s
Pag-IBIG NCR	Ground Floor (Parking Area) JELP Business Solutions Center, 409 Shaw Boulevard, Brgy. Addition Hills, Mandaluyong City	09692232152	8:00 a.m. – 5:00 p.m. (January 03-07, 2022)
Dasmariñas, Cavite	Volets Commercial Building, E. Aguinaldo Hi-way, Dasmariñas, Cavite	09569459868	8:00 a.m. – 4:00 p.m. (January 03-07, 2022)

7. Ang bidder ang siyang babalikang para sa **service fee** ng inyong napiling courier services. Kailangan matanggap ng aming Marketing Officer ang inyong bid offer sa takdang oras at araw na nakasaad sa itaas at hindi na maaaring tanggapin ang inyong bid offer kung ito ay mahuli.

Lahat ay hinihikayat na sumunod sa ating *IATF health protocols* upang maiwasan ang pagkakaroon ng Covid-19 *virus* at ang pag laganap nito.

Maraming Salamat po!